Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
-176-

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Hinggil naman sa petisyong isinulit ng iba't-ibang samahan ng nagpapahayag ng pagtutol sa Comprehensive Zoning Ordinance ng Bayan na pinagtibay noong taong 1991, ay ipinaliwanag ni Kag. Dia na ang Kautusan ay napagtibay na noon pang nakaraang taon, napagtibay na rin ng Panlalawigan Tanggapan at ayon sa ulat ay dumaan na sa tamang pamamaraan ng pagtitibay ng isang Kautusang Bayan, Gayundin ay idinagdag pa ni Pang. Punong-bayan Dictado na ang Kautusan ay bunga ng isang masusing pag-aaral na nilahukan ng mga dalubhasa mula sa Housing and Land Use Regulatory Board. Sinabi pa ni Kag. Dia na siya ay naghanda ng isang liham-sagot sa petisyon at ipatatasan na lamang ang kalihim na ibigay sa mga nag-pepetisyon.

**********

Inihain din sa kapulungan ang kahilingan ni G. Marcelino Dictado, kung saan siya ay humingi ng pagsasaalang-alang sa pinagtibay na Kautusang Bayan Blg. XL-'92. Matapos pa ang maikling pagtatalakayan at matapos maipatanto ng Pang. Punong-bayan Dictado na tatalima si G. Celing Dictado sa kanilang tagubilin na magbayad batay sa naunang pinagtibay na kautusan ay pinagtibay ang:

**********

KAUTUSANG BAYAN BLG. LXI-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Puzon na pinangalawahan ni Kag. Catindig)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTITIBAY NG PAGSUSUSOG SA KAUTUSANG BAYAN BLG. XL-'92 NA NAGTATADHANA NG PAGPAPATAW NG BUWIS SA MGA MANANAYANG NANALO SA MGA PASABONG SA MAY PAHINTULOT NA SABUNGAN SA SANTA ROSA, LAGUNA.

YAYAMANG, matapos ang isang masusing pagtatalakayan hinggil sa isinulit na liham ni G. Marcelino Dictado na humihiling ng pagsasaalang-alang ng kapulungan sa pinagtibay na Kautusang Bayan Blg. XL-'92 ay napagtantong magiging makatwiran kung susususgan ang nabanggit na Kautusan.

NGAYON, SAMAKATUWID sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASIYA ang pagbabago ng halaga ng singilin sa buwis sa mga mananayang nanalo sa mga sabong at ang pagtitibay sa sumusunod na singilin:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
-177-

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

₱10.00/bawa't sultada sa mga Karaniwang Sabong; at
100.00/bawa't sultada sa mga PINTAKASI/SPECIAL
SABONG (DERBY)

IPINASIYA din na padalhan ng sipi ng Kautusang ito ang may-ari ng Santa Rosa Coliseum.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

***********

KAPASIYAHAN BLG. 123-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANG KAPASIYAHAN
na nagtitibay ng pagbibigay kapangyarihan at pahintulot sa Pambayang Ingat-Yaman, DOMINGO M. LADUB, na makapagbukas ng isang "Time Deposit" ng Pamahalaang Bayan ng Santa Rosa, Laguna sa LAND BANK OF THE PHILIPPINES, Calamba Branch, Calamba, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

***********

Hinggil sa kahilingan ng SAMAHANG HILOT na sila ay maibili ng pamahalaang bayan ng isang Delivery Kit ay pinagpasiyahan ng kapulungan na muling ibalik ang kahilingan sa pamamagitan ni Kag. Bustamante at alamin kung magkano ang gastusin sa hinihiling.

***********

Gayundin ay pinagpasiyahan ng kapulungan na alamin sa Santa Rosa Medical Society ang mga pangalan ng gamot na kanilang gagamitin sa Libreng gamutan na ilulunsad ng kanilang samahan sa Santa Rosa sa pamamagitan ni Kag. Bustamante. Gayundin ay ipinaabot ni Pang. Punong-bayan Dictado na batay sa kanilang pulong ay ang proyekto

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE E. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad